



**Awtoridad sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya ng New Jersey(NJEDA)**  
**Programa ng Kaloob na Tulong sa Negosyo Dahil sa Henri/Ida**  
***Abiso ng Pagkakaroon ng Pondo***

Inaasahan ng Awtoridad sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya ng New Jersey (New Jersey Economic Development Authority, NJEDA) na ilunsad ang isang online na aplikasyon para sa *Programa ng Kaloob na Tulong sa Negosyo Dahil sa Henri/Ida* sa 9:00 a.m. sa Biyernes, ika-17 ng Setyembre sa <https://www.njeda.com/henri-ida-relief/>. Rerepasuhin ang mga aplikasyon sa batayang ang naunang dumating ang unang pagsisilbihan.

***Layunin***

Nagbibigay ang *Programa ng Kaloob na Tulong sa Negosyo Dahil sa Henri/Ida* (Henri/Ida Business Assistance Grant Program) ng panandalian at agarang upa sa Agosto o suportang kabayaran sa sangla sa maliliit at katamtaman ang laki ng negosyo at mga hindi pangkalakal sa New Jersey na nakaranas ng pisikal na pagkasira bilang resulta ng mga labi ng Hurricane Henri noong ika-22 o ika-23 ng Agosto, 2021 at/o Tropical Storm/Hurricane Ida noong ika-1, ika-2, at ika-3 ng Setyembre, 2021.

***Pangkalahatang ideya***

Noong Agosto 22, 2021 at nagtapos sa madaling-araw ng Agosto 23, 2021, nakaapekto ang mga labi ng Hurricane Henri sa Estado ng New Jersey na may malakas na ulan na may kabuuang halos 10 pulgada. Nag-udyok ang bagyo ng mga paglikas, pagsasara ng kalsada at pagsagip mula sa tubig sa buong Estado. Matindi ang pinsala sa maraming lalawigan sa buong New Jersey na nakaapekto sa parehong mga may-ari ng bahay at mga negosyo.

Pagkatapos, noong Setyembre 1, 2021, bilang tugon sa Tropical Storm Ida, idineklara ni Gobernador Murphy ang Estado ng Kagipitan sa buong estado na may agarang bisa at inilabas ang Executive Order No. 259. Kinikilala ng Executive Order na ang Tropical Storm Ida “ay bumubuo ng napipintong panganib na nagbabanta at kasalukuyang nagsasapanganib sa kalusugan, kaligtasan, at mga mapagkukunan ng mga residente ng Estado” at na “maaaring maging napakalaki ng saklaw ng sitwasyong ito upang pangasiwaan sa kabuuan nito ng mga gumaganang serbisyo ng karaniwang lalawigan at munisipyo sa ilang bahagi ng Estado, at maaaring kumalat ang ganitong sitwasyon sa iba pang bahagi ng Estado.” Nananatiling may bisa ang Executive Order No. 259 hangga’t idinideklara ng Gobernador na ang Estado ng Kagipitan ay patuloy na umiiral.

Sa loob ng napakaikling panahon noong ika-1 at ika-2 ng Setyembre, nakaapekto ang bagyo sa Estado na may matinding buhawing kondisyon at nananatiling pag-ulan na humigit-kumulang sa 10 pulgada sa ilang bayan na humantong sa mga kondisyon na pagbaha na nagbabanta sa buhay, ang trahedyang pagkawala ng hindi bababa sa 27 residente ng New Jersey, at ang pagkawala ng kuryente. Nagdulot ang makasaysayang pagbaha ng matinding pagkasira at pagkawalak ng pribadong ari-arian, mga sasakyan, istruktura, pampublikong pasilidad at mga network ng transportasyon sa mga bahagi ng Bergen, Essex, Gloucester, Hunterdon, Mercer, Middlesex, Passaic, Somerset, Sussex, at Union. Nakatanggap ang Sentro ng Pagkilos sa Negosyo ng New Jersey (New Jersey Business Action Center) ng maraming tawag mula sa mga negosyong naapektuhan ng bagyo. Nagpalabas ng mga alerto ang NJEDA para sa mga negosyo at residente na kuhanan ng mga litrato at idokumento ang anumang sira sa ari-arian at

itabi ang mga resibo para sa mga serbisyo para sa mga layuning pang-insurance at para sa anumang programang tulong ng pederal o estado na maaaring maging available. Hanggang sa ika-6ng Setyembre, inaprubahan ni Presidente Biden ang isang deklarasyon ng malaking kalamidad para sa mga lalawigan ng Bergen, Gloucester, Hunterdon, Middlesex, Passaic, at Somerset para sa mga lugar na apektado ng mga labi ng Hurricane Ida noong ika-1, ika-2, at ika-3 ng Setyembre, 2021.

Nagdulot ang Tropical Storm Ida ng pagkawasak sa mga kabayanan ng New Jersey at mga distrito ng negosyo sa buong Estado, na marami ang nagsisimula pa lang na makabawi mula sa matinding kahirapan sa kabuhayan dahil sa COVID-19. Bilang pagtugon dito sa napakaraming paghihirap, nilalayan ng *Programa ng Kaloob na Tulong sa Negosyo Dahil sa Henri/Ida* na magbigay ng panandalian at agaraang upa/kabayaran sa sangla sa ilang negosyo sa New Jersey na dumanas ng pisikal na pagkasira bilang resulta ng Tropical Storm Ida noong ika-1, ika-2, at ika-3 ng Setyembre, 2021.

### ***Mga Detalye ng Programa***

Magbibigay ang *Programa ng Kaloob na Tulong sa Negosyo Dahil sa Henri/Ida* ng mga kaloob na mula \$1,000 hanggang \$5,000 sa mga negosyo at hindi pangkalakal na nakabase sa New Jersey na may aabot sa 50 katumbas ng regular na empleyado (mga FTE) ayon sa iniulat sa kanilang huling WR-30 form (Q2 2021) sa Kagawaran ng Paggawa at Pagpapaunlad ng mga Manggagawa ng New Jersey (New Jersey Department of Labor and Workforce Development, DLWD) at may pisikal na komersyal na lokasyon sa New Jersey na dumanas ng pisikal na pagkasira bilang resulta ng mga labi ng Hurricane Henri at/o Hurricane Ida. Sa kasalukuyan, may pondo ang programa ng \$10.5 milyon at maaaring itaas sa \$15.5 milyon. Isang-katlo ng unang kahilingan at isang-katlo ng kasunod na kahilingan (kung kinakailangan) ay irereserba para sa mga entidad sa isang sukat ng senso na karapat-dapat na mapili bilang isang Sona ng Oportunidad ng New Jersey (New Jersey Opportunity Zone), ngunit maaaring ilabas pabalik sa pangkalahatang programa kung naabot na ang pangangailangan sa mga negosyo at hindi pangkalakal sa mga lugar na ito. At, itatabi ang \$500,000 para sa mga negosyo at hindi pangkalakal na naapektuhan ng Hurricane Henri, ngunit maaaring ilabas pabalik sa tipunan ng pangkalahatang programa kung naabot na ang pangangailangan mula sa mga entidad na ito. Maaaring palawakin ang programa kung maging available ang mga karagdagang pondo.

### ***Pagiging Karapat-dapat***

Upang maging karapat-dapat sa ilalim ng programa, ang mga aplikante ay dapat:

- Magbigay ng sertipikasyon ng isang hindi naabot na pangangailangan dahil sa pagkasira at/o paghinto ng negosyo, na kasama ang, ngunit hindi limitado sa, pagbaha, pagkasira ng panloob o panlabas na istruktura ng gusali, pagkasira ng bubong, at pagkasira ng gilid, na ang lahat ay direktang nauugnay sa mga bagyong Henri at Ida (*hindi ituturing na pisikal na pagkasira ang pagkawala ng kuryente lamang*);
- Magbigay ng dokumentasyon ng pisikal na pagkasira sa pisikal na komersyal na lokasyon ng aplikante;
- May operasyon na noong Agosto 1, 2021;

- Magpakita ng isang balidong Numero ng Pagkakakilanlan ng Employer (Employer Identification Number, EIN);
- Magsumite ng pinakabagong form ng ulat ng kita (WR30), kung naaangkop;
- Magsumite ng katibayan ng isang pagbabayad ng upa/sangla sa Agosto na hindi bababa sa \$1,000 pati na rin ang pangangailangan na mas malaki sa \$1,000;
- Nakarehistro upang magsagawa ng negosyo sa Estado ng New Jersey na maaaring patunayan ng isang balidong Sertipiko ng Pagrerehistro ng Negosyo;
- Nasa mabuting katayuan sa Kagawaran ng Paggawa at Pagpapaunlad ng mga Manggagawa ng New Jersey (DLWD), sa Kagawaran ng mga Serbisyong Pantao ng New Jersey (New Jersey Department of Human Services, DHS) (kung pinangangasiwaan ang aplikante ng DHS), sa Kagawaran ng mga Bata at mga Pamilya (Department of Children and Families, DCF) (kung pinangangasiwaan ang aplikante ng DCF), at sa Sangay ng Pagkontrol sa Inuming Nakalalasing ng New Jersey (New Jersey Division of Alcoholic Beverage Control, ABC) (kung pinangangasiwaan ang aplikante ng ABC) sa panahon ng aplikasyon, ayon sa tinukoy sa tanging pagpapasya ng DLWD, DHS, DCF at ABC; at
- Tapusin ang isang sinumpaang salaysay na tumutukoy sa lahat ng pinagmumulan ng pagpopondo na may kaugnayan sa mga bagyong Henri at Ida, kasama ang mga naunang kaloob, insurance, at mga utang at kaloob ng Pangasiwaan ng Maliit na Negosyo.

Maaaring ilapat ang mga karagdagang kinakailangan, kasama ang: dapat may empleyado ang mga kuwalipikadong aplikante ng hindi hihigit sa 50 FTE; may pagbabayad ng upa/sangla sa Agosto na hindi bababa sa \$1,000 at isang pangangailangan na hindi naabot (mga pagkasira o pagkawala ng kita) na mas mahigit sa \$1,000; dapat dinanas ang pisikal na pagkasira sa kanilang komersyal na lokasyon bilang resulta ng mga labi ng mga bagyong Henri at Ida; dapat mayroong pisikal na komersyal na lokasyon sa Estado ng New Jersey (hal., isang opisina, isang pisikal na punto ng pagbebenta, isang warehouse, pasilidad ng pagmamanupaktura, atbp).

Upang matukoy ang bilang ng mga FTE para sa layunin ng pagkalkula ng pagiging karapat-dapat, gagamitin ng NJEDA ang New Jersey WR-30 na mga pag-file sa DLWD. Rerepasuhin ang pinakabagong nai-file na WR-30 na pag-file (Q2 2021). Ira-round ang ipinahiwatig na mga pagkalkula ng FTE sa pinakamalapit na FTE (hal. bibilangin ang 2.49 FTE bilang 2 FTE para sa programa, samantalang bibilangin bilang 3 FTE ang 2.50 na FTE). Habang ang pagkalkula ng mga FTE ay nakabatay sa mga linggo na nagtrabaho at mga kita ayon sa iniulat sa WR-30 na pag-file.

Dapat sertipikahan ng CEO/katumbas na opisyal na ang negosyo/hindi pangkalakal ay may operasyon noong Agosto 1, 2021; at nagtamo ng pisikal na pagkasira bilang resulta ng mga labi ng mga bagyong Henri at Ida.

Dapat matugunan ng kuwalipikadong aplikante ang mga kinakailangan ng Sangay ng Pagbubuwis (Division of Taxation)/Kagawaran ng Pananalapi (Department of Treasury) upang masiguro na walang utang na buwis na dapat bayaran sa Estado. Maaaring gawin ito sa pamamagitan ng isang sertipikasyon mula sa aplikante na wala siyang anumang utang na buwis at sasailalim sa pagbabalik ng bayad kung hindi tama ang sertipikasyon.

Dapat magsumite ang isang aplikante ng isa lang na aplikasyon ayon kada EIN; kaya naman, limitado sa isang aplikasyon ang mga negosyo na may maraming lokasyon ngunit isa lang ang EIN.

Ilalapat ang karagdagang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat upang siguruhin na ang mga pondo ng pederal, kung mayroon, ay maaaring gamitin para sa programang ito o upang bayaran ang Authority para sa paggamit ng mga pondo nito para sa programang ito. Maaaring kasama rito ang, ngunit hindi limitado sa:

- Isang pagkilala at kasunduan na maaari lang gamitin para sa mga karapat-dapat na paggamit ang mga kaloob na nalikom;
- Isang pagbabawal sa pagkakadoble ng mga benepisyo na maaaring hindi isama ang mga posibleng aplikante na nakatanggap na ng tulong na pangkagipitan dahil sa Ida, at
- Isang kinakailangan na ipinapakita ng aplikante na nagkaroon ito ng pisikal na pagkasira bilang resulta ng mga labi ng Hurricane Henri at/o Hurricane Ida.

*Hindi kuwalipikado ang mga kasero at negosyo na nakabase sa bahay para sa kaloob na pagpopondo sa pamamagitan ng programang ito.*

Sa huli, kabilang sa mga ipinagbabawal na negosyo ang, pero hindi limitado sa: pasugalan o mga gaming activity; pagsasagawa o pamamahagi ng "adulto" (hal., pornograpiko, malaswa, pang-aakit sa sekso, mahalay o katulad masasamang gawain) mga gawain, serbisyo, produkto o materyal (kabilang na ang hubad o medyo hubad na mga performance o pagbebenta ng mga pantulong o device sa pagtatalik); anumang subasta o pagkabangkarote o pagkasunog o "pagkawala ng pangungupahan" o katulad na mga pagbebenta; mga benta sa pag-transient ng mga produkto, Pagbebenta ng mga christmas tree o iba pang imbakan sa labas; at anumang gawain na nagdudulot ng istorbo; o anumang iligal na mga layunin.

### ***Mga Karapat-dapat na Gamit***

Sa ilalim ng *Programang Kaloob na Tulong sa Negosyo Dahil sa Henri/Ida*, gagamitin ang pondo upang bayaran lang ang upa/sangla sa Agosto, hindi lalampas sa \$5,000, at babayaran lang bilang ibinalik na kabayaran. Kung ang halaga ng kaloob ay mas malaki sa pangangailangan, hindi lalampas ang halaga ng kaloob sa halaga ng pangangailangan. Tutukuyin ang pangangailangan batay sa tinayang mga pagkasira, ayon sa pinatunayan ng aplikante, at ang pagkawala ay batay sa mga naisarang operasyon ng negosyo, na pinatunayan din ng aplikante. Dahil ang kaloob na ito ay para lang sa upa/sangla sa Agosto, hindi magagamit ang pondo para sa anumang iba pang layunin, kasama ang, ngunit hindi limitado sa, mga gastusing kapital, gaya ng paglunas o konstruksyon.

### ***Mga Halaga ng Kaloob***

Ang pinakamababang halaga ng kaloob ay \$1,000 na may pinakamataas na kaloob na \$5,000, limitado sa mas mababa sa hindi natamong pangangailangan ng aplikante o bayad sa upa/sangla.

### ***Proseso ng Aplikasyon***

Tatanggapin ang mga online na aplikasyon sa batayang ang maunang dumating ang unang paglilingkuran, batay sa petsa kung kailan natanggap ng Authority ang pagsusumite ng kumpletong aplikasyon. Maaaring gumawa ang NJEDA ng isang proseso ng paunang pagrerehistro upang pabilisin ang proseso ng pag-apruba.

### ***Mga Bayarin***

Dahil sa kahirapan sa pananalapi, walang kokolektahing bayad ang Authority para sa programang ito.

### ***Karagdagang Impormasyon***

Makikita ang komprehensibong impormasyon tungkol sa Programa ng Kaloob na Tulong sa Negosyo Dahil sa Henri/Ida sa <https://www.njeda.com/henri-ida-relief/>.